  - Ang pansamantalang supply na ito ay para sa hanggang 30 araw na gamot sa isang retail na parmasya, at para sa hanggang 31 araw na supply ng gamot sa isang parmasya para sa pangmatagalang pangangalaga. (Para matuto pa tungkol sa kung kailan kayo maaaring makakuha ng pansamantalang supply o kung paano humiling nito, sumangguni sa **Kabanata 5** ng *Handbook ng Miyembro* mo.)
  - Kapag kukuha kayo ng pansamantalang supply ng isang gamot, makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag naubos ang inyong pansamantalang supply. Maaari kayong lumipat sa ibang gamot na sinasaklaw ng aming plano o hilingin sa amin na gumawa ng eksepsiyon para sa inyo at saklawin ang kasalukuyan ninyong gamot.
  - Kung mahigit sa 90 araw na kayong kabilang sa plano at nakatira kayo sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, sasaklawin namin ang isang beses na 31 araw na supply, o mas kaunti kung mas kaunting araw ang inireseta sa inyo. Bukod pa ito sa supply para sa paglipat sa pangmatagalang pangangalaga.
  - Kung magbabago ang inyong antas ng pangangalaga (gaya ng paglipat sa o mula sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o ospital), sasaklawin namin ang isang pansamantalang 30 araw na supply. Kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta, papahintulutan namin ang mga refill para magbigay ng hanggang sa kabuuang 30 araw na supply
  - Ang ilang eksepsiyon sa Listahan ng Gamot ay sasaklawin pa rin sa susunod na taon. Sumangguni sa sulat ng pag-apruba na natanggap ninyo. Kasama sa sulat ng pag-apruba ang impormasyon tungkol sa inyong mga partikular na limitasyon sa pag-apruba ng gamot at ang petsa kung kailan magtatapos ang saklaw sa gamot. Kung magpapasya kaming huwag i-renew ang pag-apruba sa inyo, magpapadala kami sa inyo ng bagong sulat sa loob ng hindi bababa sa 60 araw bago ang katapusan ng taon. Kasama sa sulat na ito kung kailan magtatapos ang partikular na pag-apruba sa eksepsiyon sa gamot at kung paano hihiling ng eksepsiyon. Para malaman ang dapat ninyong gawin para humiling ng eksepsiyon, sumangguni sa Kabanata 9, seksyon G ng 2026 Handbook ng Miyembro o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 21



### Mga pagbabago sa mga gastos sa gamot

Mayroong dalawang yugto ng pagbabayad para sa pagsaklaw ng inyong inireresetang gamot na nasa Medicare Part D sa ilalim ng aming plano. Kung magkano ang inyong babayaran ay depende kung nasaang yugto kayo kapag pinapuno o muling pinapuno ninyo ang isang gamot. Mayroong dalawang yugto:

<b>Yugto 1</b> <b>Yugto ng Paunang Saklaw</b>	<b>Yugto 2</b> <b>Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw</b>
<p>Sa panahon ng yugtong ito, babayaran ng aming plano ang bahagi ng mga gastos sa inyong mga gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Ang inyong bahagi ay tinatawag na copay.</p> <p>Magsisimula kayo sa yugtong ito kapag pinapuno ninyo ang inyong unang inireresetang gamot ng taon.</p>	<p>Sa yugtong ito, babayaran ng plano ang lahat ng gastusin sa inyong mga gamot hanggang Huwebes, Disyembre 31, 2026.</p> <p>Sinisimulan ninyo ang yugtong ito kapag nabayaran na ninyo ang isang partikular na halaga sa mga gastos mula sa sariling bulsa.</p>

Ang Yugto ng Paunang Saklaw ay matatapos kapag umabot ang inyong kabuuang gastos mula sa sariling bulsa para sa mga gamot sa **\$2,100**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw. Sasaklawin ng aming plano ang lahat ng inyong gastos sa gamot mula doon hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa mga gamot.

Sa ilalim ng Programa ng Diskwento ng Manufacturer, magbabayad ang mga manufacturer ng gamot ng porsyento ng buong gastos sa aming plano para sa mga saklaw na branded na gamot sa Bahagi D at biologic sa Yugto ng Paunang Saklaw at sa Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw. Hindi kasama sa mga gastos mula sa sariling bulsa ang mga diskwentong binabayaran ng mga manufacturer sa ilalim ng programa ng Diskwento ng Manufacturer.

### E3. Yugto 1: “Yugto ng Paunang Saklaw”

Sa panahon ng Yugto ng Paunang Saklaw, babayaran ng aming plano ang bahagi ng gastos ng inyong mga saklaw na gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Ang inyong bahagi ay tinatawag na copay. Ang copay ay depende sa kung nasa anong tier ng bahagian sa gastos ang gamot at kung saan ninyo ito nakukuha. Magbabayad kayo ng copay sa tuwing pupunan ninyo ang isang reseta. Kung mas mura ang mga gastos ng inyong sinasaklawang gamot kaysa sa copay, babayaran ninyo ang mas mababang presyo.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 22



**Inilipat namin ang ilang gamot sa aming *Listahan ng Gamot sa mas mababa o mas mataas na tier ng gamot*.** Kung magpapalipat-lipat ang inyong mga gamot mula sa isang tier papunta sa isa pa, posible itong makaapekto sa inyong copay. Para malaman kung ang inyong mga gamot ay nasa ibang tier, hanapin ang mga ito sa aming *Listahan ng Gamot*.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang mga gastos ninyo para sa isang buwang supply na ibinibigay sa isang parmasyang nasa network na may mga karaniwang copay sa bawat isa sa aming anim na tier ng gamot. Ang mga halagang ito ay nalalapat **lang** sa panahon kung kailan kayo ay nasa Yugto ng Paunang Saklaw.

Sinasaklaw nang libre ang karamihan sa mga bakuna sa Bahagi D para sa mga adulto.

Para sa impormasyon tungkol sa mga gastos sa mga bakuna, o impormasyon para sa pangmatagalang supply; o para sa mga mail-order na reseta, pumunta sa **Kabanata 6, Seksyon D** ng iyong *Handbook ng Miyembro*.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 23



	<b>2025 (ngayong taon)</b>	<b>2026 (susunod na taon)</b>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 1 (Preferred na Generic)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 1 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay nakadepende sa antas ng iyong Karagdagang Tulong (Extra Help).</p> <p>Para sa mga generic na gamot (kasama na ang mga may brand na gamot na itinuturing bilang generic), magbabayad kayo ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ \$0 copay o</li> <li>○ \$1.60 copay o</li> <li>○ \$5.10 copay para sa isang buwang supply</li> </ul>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 2 (Generic)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 2 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	<p>Para sa lahat ng iba pang saklaw na gamot, magbabayad kayo ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>○ \$0 copay o</li> <li>○ \$4.90 copay o</li> <li>○ \$12.65 copay para sa isang buwang supply</li> </ul>

**Kung mayroon kayong mga tanong,** pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 24



<p><b>Mga Gamot sa Tier 3 (Preferred na Brand)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 3 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	<p>Ang Karagdagang Tulong ay isang programa na tumutulong sa pagbabayad para sa inyong mga gamot. Nagpadala kami sa inyo ng hiwalay na materyal, na tinatawag na Rider ng Katibayan ng Pagsaklaw para sa mga Taong Nakakakuha ng Karagdagang Tulong sa Pagbabayad para sa mga Inireresetang Gamot, na nagpapaalam ng tungkol sa mga halaga ng inyong gamot.</p>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 4 (Hindi Preferred na Gamot)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 4 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	<p>Kung nakatanggap kayo ng Karagdagang Tulong at hindi ninyo natanggap ang materyal na ito, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa numero na ipinapakita sa ibaba ng pahina at hilingin ang LIS Rider.</p>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 5 (Specialty na Tier)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 5 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	<p>Kung hindi kayo kwalipikado para sa Karagdagang Tulong, tawagan kami para matuto pa tungkol sa inyong mga gastos sa gamot.</p>
<p><b>Mga Gamot sa Tier 6 (Mga Piling Gamot sa Pangangalaga)</b></p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 6 na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay <b>\$0</b>.</p>	

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 25



Ang Yugto ng Paunang Saklaw ay matatapos kapag umabot ang inyong kabuuang gastos mula sa balsa sa **\$2,100**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw. Sasaklawin ng plano ang lahat ng inyong gastos sa gamot mula doon hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa mga inireresetang gamot.

#### **E4. Yugto 2: “Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw”**

Kapag naabot na ninyo ang limitasyon sa gastos mula sa sariling balsa na **\$2,100** para sa inyong mga gamot, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw at wala kayong babayaran para sa inyong mga saklaw na gamot. Mananatili kayo sa Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga gastusin sa yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw, sumangguni sa **Kabanata 6, Seksyon E**.

---

### **F. Mga administratibong pagbabago**

Ang impormasyon sa talahanayan ng Mga Administratibong Pagbabago na nasa ibaba ay nagpapakita ng mga pagbabago taon-taon sa inyong plano na hindi direktang nakakaapekto sa mga benepisyo o mga bahagian sa gastos.

	<b>2025 (ngayong taon)</b>	<b>2026 (susunod na taon)</b>
Mga Preferred na Produkto para sa Diabetes sa Bahagi B	Ang OneTouch™ ay ang preferred naming brand ng mga supply para sa pag-test ng diabetes (mga glucose monitor at test strip). Hindi sinasaklaw ang iba pang brand maliban kung medikal na kinakailangan at awtorisado.	Ang Accu-Chek™ Guide at True Metrix™ ay ang gusto naming mga brand ng mga supply para sa pag-test ng diabetes (mga monitor ng glucose at test strip). Hindi sinasaklaw ang iba pang brand maliban kung medikal na kinakailangan at awtorisado.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 26



	2025 (ngayong taon)	2026 (susunod na taon)
Kahilingan sa Advance na Desisyon sa Pagsaklaw	Puwedeng humiling ang mga miyembro ng Desisyon sa Pagsaklaw bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng paparating na taon ng benepisyo.	Ang mga miyembro ay puwedeng humiling ng Desisyon sa Pagsaklaw sa o pagkatapos ng 1/1/2026. Susuriin lang ang anumang kahilingang isinumite bago ang petsang ito para sa kasalukuyang taon ng benepisyo.
<b>Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare</b>	Hindi magagamit ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare dahil <b>\$0</b> ang inyong copay.	Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay isang opsyon sa pagbabayad na posibleng makatulong sa inyong pamahalaan ang inyong mga gastos mula sa sariling bulsa para sa mga gamot na sinasaklaw ng aming plano sa pamamagitan ng paghahati-hati ng mga ito sa kabuuan ng taon ng kalendaryo (Enero-Disyembre).

## G. Pagpili ng plano

### G1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming mapanatili kayong miyembro ng plano. Wala kayong kailangang gawin para manatili sa aming plano. Maliban na lang kung magpapatala kayo sa ibang plano o lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kayong mananatiling miyembro ng aming plano para sa 2026.

### G2. Pagpapalit ng plano

Maaaring wakasan ng karamihan sa mga taong may Medicare ang kanilang pagiging miyembro sa ilang panahon ng taon.

Bilang karagdagan, puwede ninyong tapusin ang inyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 27



- Ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala** na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, matatapos ang inyong pagiging miyembro sa aming plano sa Disyembre 31 at magsisimula ang inyong pagiging miyembro sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala ng Medicare Advantage (MA)**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang inyong pagiging miyembro sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.
- Dahil mayroon kayong Medi-Cal, puwede ninyong tapusin ang inyong membership sa aming plano sa anumang buwan sa taon.

Posibleng may iba pang sitwasyon kung kailan kwalipikado kayong magsagawa ng pagbabago sa inyong pagpapatala. Halimbawa, kung:

- umalis kayo sa aming sineserbisyuhang lugar,
- nabago ang pagiging kuwalipikado ninyo para sa Medi-Cal o Karagdagang Tulong, o
- kamakailan lamang ay lumipat kayo sa o kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga sa isang institusyon (tulad ng isang pasilidad ng dalubhasang pangangalaga o isang pangmatagalang ospital ng pangangalaga). Kung kakalabas lang ninyo sa isang institusyon, may pagkakataon kayong magpalit o magbago ng plano sa Original Medicare nang dalawang buong buwan pagkalipas ng buwan ng paglabas ninyo.

### Ang inyong mga serbisyo sa Medicare

Mayroon kayong tatlong opsyon para makuha ang inyong mga serbisyo ng Medicare na nakalista sa ibaba anumang buwan ng taon. Mayroon kang karagdagang opsyon na nakalista sa ibaba sa mga tiyak na oras ng taon kabilang ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala** at ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala sa Medicare Advantage** o iba pang sitwasyong inilarawan sa **Seksyon G2**. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko ninyong tatapusin ang inyong pagiging miyembro sa aming plano.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 28



<p><b>1. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Ang Medi-Medi Plan ay isang uri ng plano ng Medicare Advantage. Para ito sa mga tao na parehong may Medicare at Medi-Cal, at ipinagsasama sa isang plano ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal. Pinapangasiwaan ng mga Medi-Medi Plan ang lahat ng mga benepisyo at serbisyo sa parehong programa, kasama ang lahat ng mga saklaw na serbisyo ng Medicare at Medi-Cal o isang Programa ng Komprehensibong Pangangalaga para sa Nakatatanda (PACE) na plano, kung kwalipikado kayo.</b></p> <p><b>Tandaan:</b> Ang katagang Medi-Medi Plan ay ang pangalan para sa mga integrated dual eligible special needs plan (D-SNP) sa California.</p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.</p> <p>Para sa mga tanong tungkol sa Programa ng Komprehensibong Pangangalaga para sa Nakatatanda (PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223).</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>● Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Mga-enroll sa bagong Medi-Medi na Plano.</p> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula ang inyong pagsaklaw sa bagong plano. Magbabago ang inyong plano sa Medi-Cal upang tumugma sa inyong Medi-Medi na Plano.</p>
---	--

---

**Kung mayroon kayong mga tanong,** pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 29



<p><b>2. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na may hiwalay na plano ng Medicare sa gamot</b></p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpatala sa isang bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare.</p> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang inyong pagsaklaw sa Original Medicare.</p> <p>Ang inyong plano sa Medi-Cal ay hindi magbabago maliban kung humiling kayo ng pagbabago.</p>
---	--

---

**Kung mayroon kayong mga tanong,** pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 30



<p><b>3. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Original Medicare na walang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot</b></p> <p><b>TANDAAN:</b> Kung lilipat kayo sa Original Medicare at hindi magpapatala sa isang hiwalay na plano ng Medicare sa inireresetang gamot, maaari kayong ipatala ng Medicare sa isang plano ng gamot, maliban kung sasabihin ninyo sa Medicare na ayaw ninyong sumali.</p> <p>Dapat lamang ninyong ihinto ang saklaw ng gamot kung mayroon kayong saklaw sa gamot mula sa ibang mapagkukunan, tulad ng isang employer o union. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung kailangan ninyo ng pagsakop sa gamot, tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, mangyaring bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a>.</p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a>.</li></ul> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang inyong pagsaklaw sa Original Medicare.</p> <p>Ang inyong plano sa Medi-Cal ay hindi magbabago maliban kung humiling kayo ng pagbabago.</p>
--	---

---

**Kung mayroon kayong mga tanong,** pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 31



<p><b>4. Maaari kayong lumipat sa:</b></p> <p><b>Anumang planong pangkalusugan ng Medicare</b> sa ilang partikular na bahagi ng taon kabilang ang <b>Panahon ng Bukas na Pagpapatala</b> at ang <b>Panahon ng Bukas na Pagpapatala sa Medicare Advantage</b> o iba pang sitwasyon na inilalarawan sa Seksyon A.</p>	<p><b>Narito ang dapat gawin:</b></p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.</p> <p>Para sa mga tanong tungkol sa Programa ng Komprehensibong Pangangalaga para sa Nakatatanda (PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223).</p> <p>Kung kailangan ninyo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, bisitahin ang <a href="http://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/">www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/</a>.</li></ul> <p><b>O</b></p> <p>Magpatala sa bagong plano ng Medicare.</p> <p>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa aming Medicare na plano kapag nagsimula na ang inyong saklaw sa bagong plano.</p> <p>Puwedeng mabago ang inyong plano sa Medi-Cal.</p>
---	--

### Ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano pipili ng Medi-Cal na plano o makukuha ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos ninyong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-800-430-4263, Lunes – Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077. Itanong kung paano makakaapekto ang pagsali sa ibang plano o pagbalik sa Original Medicare sa pagkuha ninyo ng inyong saklaw sa Medi-Cal.

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 32



## H. Paghingi ng tulong

### H1. Aming plano

Narito kami para tumulong kung mayroon kayong anumang tanong. Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina sa mga nakalistang araw at oras na bukas. Libre ang mga tawag na ito.

#### **Basahin ang inyong *Handbook ng Miyembro***

Ang inyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. May mga detalye ito tungkol sa mga benepisyo at gastos para sa 2026. Ipinapaliwanag nito ang inyong mga karapatan at panuntunang kailangan ninyong sundin upang makakuha ng mga saklaw na serbisyo at gamot.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2026 ay magiging available sa Oktubre 15. Puwede rin ninyong basahin ang hiwalay na ipinadalang *Handbook ng Miyembro* para malaman kung apektado kayo ng iba pang pagbabago sa benepisyo o gastusin. Available ang updated na kopya ng *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para humiling sa amin na magpadala sa inyo ng *Handbook ng Miyembro* para sa 2026.

#### **Aming website**

Puwede ninyong bisitahin ang aming website sa [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). Bilang paalala, ang aming website ay naglalaman ng pinakabagong impormasyon tungkol sa aming network ng tagapagbigay ng serbisyo at parmasya (*Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*) at aming *Listahan ng Gamot (Listahan ng mga Saklaw na Gamot)*.

### H2. Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP)

Maaari rin ninyong tawagan ang Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan (SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP). Matutulungan kayo ng mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang inyong mga mapagpipilian sa plano at masagot ang mga tanong tungkol sa pagpapalit ng mga plano. Ang HICAP ay hindi konektado sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Mayroong mga sinanay na tagapayo ang HICAP sa bawat county, at ang mga serbisyo ay libre. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222. Para sa higit pang impormasyon o para humanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang [www.aging.ca.gov/Programs\\_and\\_Services/Medicare\\_Counseling/](https://www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/).

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA). 33



### H3. Programa ng Ombudsman

Makakatulong sa inyo ang Programa ng Ombudsman ng Medicare Medi-Cal kung may problema kayo sa aming plano. Libre ang mga serbisyo ng ombudsman at available ang mga ito sa lahat ng wika. Ang Programa ng Ombudsman ng Medicare Medi-Cal ay:

- may kakayahang magsagot ng mga tanong kung mayroon kayong problema o reklamo at matutulongan kayong maunawaan ang dapat gawin.
- tinitiyak na mayroon kayong impormasyong nauugnay sa inyong mga karapatan at proteksyon at kung paano ninyo mareresolba ang inyong mga alalahanin.
- hindi nauugnay sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono para sa Programa ng Ombudsman ng Medicare Medi-Cal ay 1-855-501-3077.

### H4. Medicare

Para direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare;

- tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.
- makipag-chat nang live sa [www.Medicare.gov/talk-to-someone](http://www.Medicare.gov/talk-to-someone)
- sumulat sa Medicare at PO Box 1270, Lawrence, KS 66044.

### Website ng Medicare

Maaari ninyong bisitahin ang website ng Medicare ([www.medicare.gov](http://www.medicare.gov)). Kung pipiliin ninyong umalis sa pagkakatala sa aming plano at magpatala sa ibang Medicare na plano, ang website ng Medicare ay may impormasyon tungkol sa mga gastos, pagsaklaw, at rating ng kalidad upang tulungan kayong paghambingin ang mga plano.

Makakahanap kayo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare na plano na available sa inyong lugar sa pamamagitan ng Tagahanap ng Plano ng Medicare sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa [www.medicare.gov](http://www.medicare.gov) at mag-click sa “Find plans” (Maghanap ng mga plano).)

### ***Medicare at Ikaw 2026***

Puwede ninyong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2026*. Bawat taon tuwing taglagas, ipinapadala ang booklet na ito sa mga taong may Medicare. Makakakita rito ng buod ng mga benepisyo, karapatan at proteksyon mula sa Medicare, at ng mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook na ito sa Spanish, Chinese, at Vietnamese.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 34



Kung wala kayong kopya ng booklet na ito, maaari ninyo itong makuha sa website ng Medicare ([www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf](http://www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf)) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

## **H5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California**

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol sa mga plano sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna kayong tumawag sa inyong planong pangkalusugan sa **1-800-431-9007 (TTY: 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa proseso ng karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensiyal na legal na mga karapatan o remedyong maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan sa Medi-Cal kaugnay ng isang emergency, isang karaingan sa Medi-Cal na hindi nakasisiyang niresolba ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan sa Medi-Cal na nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari ninyong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Puwede rin kayong maging kwalipikado sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) para sa mga benepisyo ng Medi-Cal. Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga desisyon para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pinagkasunduan na pagbabayad para sa mga emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at TDD line (**1-877-688-9891**) para sa mga may problema sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento ay [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov).

Sumangguni sa **Kabanata 9, Seksyon F4** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon.

## **H6. Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare**

Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay isang opsyon sa pagbabayad na posibleng makatulong sa inyong pamahalaan ang inyong mga gastos mula sa sariling bulsa para sa mga gamot na sinasaklaw ng aming plano sa pamamagitan ng pagkalat ng mga ito sa kabuuan ng taon ng kalendaryo (Enero-Disyembre) bilang mga buwanang pagbabayad. Hindi kayo nakakatipid ng pera sa programang ito at hindi rin nito ginagawang mas mababa ang inyong mga gastusin sa gamot.

Ang “Karagdagang Tulong” mula sa Medicare at tulong mula sa programa sa pharmaceutical na tulong (SPAP) at Programang Tulong sa Gamot sa AIDS (ADAP) ng inyong estado, para

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 35



sa mga kwalipikado, ay mas kapaki-pakinabang kaysa lumahok lang sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. Kwalipikado ang lahat ng nagpatala na sumali sa porgramang ito, anupaman ang antas ng kita. Para matuto pa tungkol sa programang ito, makipag-ugnayan sa amin sa numero ng telepono sa ibaba ng page na ito o bisitahin ang [www.medicare.gov](http://www.medicare.gov).

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 36

